

# KODIAK COMMUNITY HEALTH CENTER

Packet sa Pagpaparehistro

KODIAK COMMUNITY HEALTH CENTER 1191 E Rezanof Dr. Kodiak, AK 99615



DEMOGRAPIKO NG PASYENTE			
Unang Pangalan ng Pasyente:		Gitnang Pangalan:	
		Apelyido:	
Gustong Pangalan:	Numero ng Seguridad Panlipunan:	Petsa ng Kapanganakan:	Edad:
Tirahan:		Lungsod at Estado:	Zip:
Numero ng Telepono sa Bahay: ( )	Numero ng Telepono sa Trabaho: ( )	Numero ng Mobile Phone: ( )	Adres ng Email:
Gustong Tagapagbigay ng Pangunahing Pangangalaga:	May libreng mga serbisyo sa pagsasaling-wika. Kailangan mo ba ng tagasaling-wika? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Kung oo, anong wika?	Kalagayang-Sibil: <input type="checkbox"/> Walang Asawa <input type="checkbox"/> Kasal <input type="checkbox"/> Diborsiyado <input type="checkbox"/> Hiwalay <input type="checkbox"/> Byuda <input type="checkbox"/> Hindi Kilala <input type="checkbox"/> Ka-live In <input type="checkbox"/> Makabuluhang Iba <input type="checkbox"/> Iba pa	
Katayuan sa pagiging beterano: <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi <input type="checkbox"/> Aktibong Tungkulin <input type="checkbox"/> Di-aktibong Tungkulin	Pangkat ng Etnisidad: <input type="checkbox"/> Hispanic o Latino/a <input type="checkbox"/> Hindi Hispanic o Latino/a <input type="checkbox"/> Tumanggi ang Pasyente <input type="checkbox"/> Hindi Kilala	Lahi: <input type="checkbox"/> Asyano <input type="checkbox"/> Puti/Caucasian <input type="checkbox"/> Katutubong Hawaiiiano <input type="checkbox"/> Pacific Islander <input type="checkbox"/> Itim/ Afrikano Amerikano <input type="checkbox"/> Amerikaong Indian <input type="checkbox"/> Katutubo ng Alaska <input type="checkbox"/> Tumanggi ang Pasyente <input type="checkbox"/> Hindi Kilala	
KARAGDAGANG DEMOGRAPIKO			
<p>Pakitandaan: Mahalaga na aming makalap ang impormasyong ukol sa Seksuwal na Oryentasyon at Pagkakakilanlang Pangkasarian (Sexual Orientation and Gender Identity, SOGI) na nasa ibaba. Ginagamit ito sa lugar ng pangkalusugang pangangalaga upang mas mapahusay ang pangangalagang sensitibo sa kultura, mabawasan ang mga hindi pagkakaparepareho ng kalusugan, at mas mabigyang-daan ang pangangalagang nakatuon sa pasyente. Malawak ang pagturing sa SOGI bilang napakahalaga sa pagbibigay na nararapat na pangangalaga sa komunidad ng LGBTQ</p>			
<b>Sekswal na Oryentasyon</b> <input type="checkbox"/> Tuwid <input type="checkbox"/> Lesbian o Bakla <input type="checkbox"/> Bisexual <input type="checkbox"/> Iba Pa <input type="checkbox"/> Hindi Alam <input type="checkbox"/> Queer <input type="checkbox"/> Asexual <input type="checkbox"/> Pansexual <input type="checkbox"/> Omnisexual <input type="checkbox"/> Piliing Hindi Isiwalat		<b>Kasarian ng Pasyente noong Ipinanganak</b> <input type="checkbox"/> Babae <input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Transgender na Babae <input type="checkbox"/> Transgender na Lalaki <input type="checkbox"/> Hindi binary/Genderqueer <input type="checkbox"/> Nagtatanong <input type="checkbox"/> Dalawang Espiritu <input type="checkbox"/> Iba pa <input type="checkbox"/> Piliing Hindi isiwalat	
<b>Pagkakakilanlan ng Kasarian</b> <input type="checkbox"/> Babae <input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Dalawang Esperitu <input type="checkbox"/> Nagtatanong <input type="checkbox"/> Transgender na Babae <input type="checkbox"/> Transgender na Lalaki <input type="checkbox"/> Hindi binary/Genderqueer <input type="checkbox"/> Piliing Hindi Isiwalat <input type="checkbox"/> Iba pa		<b>Gustong Panghalip:</b> <input type="checkbox"/> Siya/Kanya/Kanya <input type="checkbox"/> Siya/Kanya/Kanya <input type="checkbox"/> Sila/Kanila/Kanila <input type="checkbox"/> Pangalan ng Pasyente <input type="checkbox"/> Ze/Hir/Hirs <input type="checkbox"/> Ey/Em /Eirs <input type="checkbox"/> Xe/Xem/Xyrs <input type="checkbox"/> Ve/Vir/Vis <input type="checkbox"/> Iba pa <input type="checkbox"/> Tumangging sumagot <input type="checkbox"/> Hindi Alam	



Kontak sa Panahon ng Emerhensiya			
Pangalan ng Kontak sa Panahon ng Emerhensiya:		Legal na Tagapag-alaga: <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	Relasyon sa Pasyente:
IMPORMASYON UKOL SA TRABAHO NG PASYENTE			
Katayuan sa Trabaho: <small>(Buong/Bahaging Oras, atbp.)</small>	Nagpapatrabaho:	Tirahan:	Katayuan sa Pagtatrabaho: <input type="checkbox"/> Migrante <input type="checkbox"/> Pamanahong <input type="checkbox"/> Wala Ni
PARTIDONG MAY-PANANAGUTANG PINANSYAL			
Sino ang May Pinansyal na Pananagutan <small>(sino ang magbabayad)</small>	Relasyon sa Pasyente:	Numero ng Seguridad Panlipunan (SSN):	Petsa ng Kapanganakan:
IMPORMASYON NG INSURANCE			
Naninirahan sa Pampublikong Pabahay? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi <input type="checkbox"/> Tanggihan	Ikaw ba ay may insurance? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	Interesado sa Sliding Fee Discount na Programa? Batay sa kinikita at Laki ng sambahayan: <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	
Pangunahing Kompanya sa Insurance:		ID#	Pangkat#
Pangalan ng Subscriber:		DOB ng Subscriber:	SSN ng Subscriber:
Ikalawang Kompanya sa Insurance:		ID#	Pangkat#
Pangalan ng Subscriber:		DOB ng Subscriber:	SSN ng Subscriber:
PEDERAL NA MGA PATNUBAY SA KINIKITA NG MAHIHIRAP			
<p>Taunang Kita: Mangyaring ipaalam sa amin ang bilang ng mga taong naninirahan sa iyong sambahayan at tinatayang kinikita ng sambahayan sa mga puwang na nasa ibaba. HINDI kaugnay ng impormasyong ito ang Programa ng Diskwento sa Bayad na Umaayon sa Kakayahan at hindi makakaapekto sa pangangalaga sa iyo o sa masisingil sa iyo.</p> <p>HINDI mo kinakailangang ibigay ang impormasyong ito. Subalit, dahil tumatanggap ang KCHC ng pondo na batay sa pederal, kinakailangan naming iulat ang kabuuang bilang ng mga boluntaryong tugon na natatanggap namin para sa bawat tanong. Nagpapasalamat kami para sa iyong mga kompidensiyal na tugon dahil nakakatulong ang mga ito na matugunan ang mga patnubay sa pederal na pag-uulat ng KCHC.</p>			
Tinatayang taunang kita ng sambahayan:  \$ _____		Bilang ng mga tao (kabilang ang mga bata) na naninirahan sa iyong sambahayan?  _____	
Katayuan ng Pabahay:			
<input type="checkbox"/> Nanganganib Mawalan ng Tirahan <input type="checkbox"/> Kasalukuyang may Tirahan, dating walang tirahan noong nakaraang 12 buwan <input type="checkbox"/> Hindi kilalalang Shelter para sa Walang Tirahan <input type="checkbox"/> Nakatira sa shelter <input type="checkbox"/> Nakatira kasama ng iba <input type="checkbox"/> Permanenteng Supportive na Pabahay <input type="checkbox"/> Hotel na Para sa Isang Tao <input type="checkbox"/> Hindi Walang Tirahan <input type="checkbox"/> Kalye, Kampo, Tulay <input type="checkbox"/> Tirahan para sa Pansamantala <input type="checkbox"/> Batang Nanganganib Mawalan ng Tirahan <input type="checkbox"/> Beteranong nanganganib na mawalan ng tirahan			
<p>Ang impormasyong nasa itaas ay totoo batay sa hangganan ng aking kaalaman. Ibinibigay ko ang aking pahintulot na ibayad nang direkta sa doktor ang aking mga benepisyong mula sa insurance. Nauunawaan ko na mayroon akong pinansyal na pananagutan para sa anumang balanse. Ibinibigay ko rin ang aking pahintulot sa KCHC o kompanya sa insurance na ilabas ang anumang impormasyong kinakailangan upang maproseso ang aking mga kahilingan.</p>			
Lagda ng Pasyente/Tagapag-alaga:		Petsa:	



---

### *Mga Karapatan at Pananagutan ng Pasyente*

---

## Mga Karapatan ng Pasyente:

Taglay ng lahat ng pasyente ng Kodiak Community Health Center ang mga sumusunod na karapatan:

- May karapatan ang mga pasyente na makatanggap ng mga serbisyo sa pangkalusugang pangangalaga anuman ang kaniyang edad, lahi, paniniwala, kulay, kasarian, sekswal na oryentasyon, relihiyon, pambansang lipi, pinaninirahang lugar, o kakayahan ng indibidwal o pamilya na magbayad o ang kanilang katayuan sa insurance.
- May karapatan ang mga pasyente na tratuhin sa mapag-alaga, magalang, at propesyonal na paraan.
- May karapatan ang mga pasyente sa mga katotohanan tungkol sa diagnosis sa kanila, mga paggamot, at mga posibleng kahihinatnan, at na maging aktibong kalahok sa pagpapasya.
- May karapatan ang mga pasyenteng tumanggi sa paggamot.
- May karapatan ang mga pasyente na repasuhin ang kanilang mga medikal na tala at makakuha ng kopya para sa makatuwirang halaga, kung naaangkop.
  - Available nang libre sa digital na format ang mga medikal na tala sa pamamagitan ng MyChart.
  - May karapatan din ang mga pasyenteng humiling ng pagsusuri upang mabago ang kanilang impormasyon sa pangkalusugang pangangalaga.
- Ang pasyente, ang pamilya, o tagapag-alaga ay may karapatang ipaalam sa amin kapag may malubhang problema, sa pamamagitan ng paghaharap ng reklamo.
  - Ang KCHC ay may patakaran sa walang-paghihiganti. Kung may iniharap na reklamo, hindi ito makakaapekto sa pangangalaga ng pasyente. Kung ang pasyente ay may reklamo o isyu na hindi malutas ng provider, caregiver o iba pang staff, maaaring makipag-ugnayan ang pasyente sa KCHC Koponan ng Kalidad.

## Mga Pananagutan ng Pasyente

Bago tumanggap ng pangangalaga sa Kodiak Community Health Center, ipinagbibigay-alam sa mga pasyente ang mga sumusunod na pananagutan:

- Pananagutan ng mga pasyente ang maging tapat sa pagsasabi sa kanilang provider tungkol sa kanilang diagnosis, mga karamdaman, pagpapaospital, gamot, at iba pang mga bagay na nauugnay sa kasaysayan ng kalusugan sa kasalukuyan at noong nakaraan, na makakatulong sa paggamot sa kanila.
- Dapat magbigay ang mga pasyente ng tumpak at kumpletong impormasyon para sa:
  - Paunang mga direktiba
  - Pagsasaklaw ng insurance at/o ibang kasunduan sa pagbabayad
  - Pagbibigay-pahintulot ng mga miyembro ng pamilya at/o itinalagang tao na pwedeng kasama sa pagsusuri ng kanilang paggamot
- Pananagutan ng mga pasyente ang makipag-ugnayan sa KCHC kaagad para sa anumang mga tanong tungkol sa singil, o kung kailangan nilang makipag-usap tungkol sa ibang mga paraan ng pagbabayad kung sakaling may pinansyal na paghihirap.

- Kinakailangang ibigay ng mga pasyente ang buong impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng saklaw ng insurance na pangkalusugan.
  - Sa pagtanggap ng mga serbisyo, ibinibigay ng mga pasyente ang pahintulot sa KCHC na maglabas ng impormasyon na kinakailangan lamang sa pagproseso ng mga kahilingan at ibibigay ang lahat ng dokumento upang masingil nang maayos ang kompanya sa insurance.
- May pinansyal na pananagutan ang mga pasyente para sa anumang balanse. Kung hindi mababayaran ang balanse sa account, maaaring isangguni ang account sa isang ahensya sa pangongolekta
- Pananagutan ng mga pasyente ang paggalang sa oras at mga iskedyul ng provider sa pamamagitan ng pagsasabi ng kanilang pinakamahalagang reklamo muna, habang inuunawa na maaaring tugunan ang ibang mga reklamo kapag mapa-payagan ng panahon.
- Pananagutan ng mga pasyente na bigyan ng abiso ang staff ng front desk ng KCHC kung hindi sila makakapunta sa naka-iskedyul na oras ng appointment at/o kung kailangan nilang ibahin ang iskedyul.
- Pananagutan ng mga pasyente ang ipaalam agad sa staff kung hindi nila naiintindihan ang sinasabi sa kanila at kung sa tingin nila ay hindi nila magagawa ang ipinagagawa sa kanila sa panahon ng pangangalaga sa kanila.
- Pananagutan ng mga pasyente ang sundin ang mga tagubilin at plano sa paggamot ng kanilang provider, at tanggapin ang mga kahihinatnan kung hindi nila magagawa ito.
- Pananagutan ng mga pasyente ang agad na pag-uulat ng mga alalahaning ukol sa kaligtasan sa kanilang provider o staff sa suporta.
- Pananagutan ng mga pasyente ang bigyang pahintulot ang mga miyembro ng kanilang pamilya o karapat-dapat na itinalaga na suriin ang kanilang paggamot kung hindi nila kayang makipag-usap sa staff.
- Pananagutan ng pasyente ang igalang ang privacy, pag-aari, at mga karapatan ng ibang mga pasyente.
- Pananagutan ng mga pasyente ang igalang ang lahat ng staff ng KCHC.
- Pananagutan ng pasyente ang sundin ang mga patakarang BAWAL MANIGARILYO ng health center.
- Pananagutan ng pasyente ang paglagda sa nakasulat na pagkilala na natanggap at naunawaan nila ang Abiso sa Mga Kasanayan sa Privacy ng KCHC.



---

*Pagtanggap sa Pag-unawa ng Pasyente*

---

PAHINTULOT NA GAMUTIN

- Ibinibigay ko ang pahintulot sa plano ng pangangalaga na iminungkahi ng mga provider ng KCHC.
- Nauunawaan ko na ako, o ang aking awtorisadong kinatawan, ay may karapatang magpasya na tanggap o tanggihan ang plano sa pangangalaga na ito. Nauunawaan ko na pananagutan ko ang magtanong, iparating ang aking mga alalahanin, at maintindihan ang pangangalaga sa akin.
- Alam ko na sa panahon ng paggamot sa akin, maaaring makasalamuha ako ng medikal na estudyante o nagsasanay, at ipapaalam sa akin kung may ganitong mga taong nakikibahagi sa pangangalaga sa akin.

NOTIPIKASYON UKOL SA PAGPAPALABAS PARA SA PAGBABAYAD

- Nauunawaan ko na isisiwalat ng KCHC ang anumang mga diagnosis at mahalagang impormasyon hanggang sa nararapat upang matiyak na matanggap ang bayad mula sa mga kompanya ng insurance at iba pang mga kasangkot na ikatlong partido na dapat magbayad.
- Nauunawaan ko na ang paglabas ng diagnosis para sa pagbabayad ay maaaring kabilangan ng paggamot sa Substance Use Disorder (SUD) na protektado sa ilalim ng 42CFR part 2 at pumapayag ako sa paghahayag na ito.
- Nauunawaan ko na ang pagsisiwalat na ito, maliban kung tuwiran kong ni-limitahan nang nakasulat, ay sa-saklawin ang lahat ng aspeto ng paggamot kabilang ang kalusugang medikal at pangkagawian.

PINANSYAL NA KASUNDUAN

- Nauunawaan ko na ang anumang naaangkop na mga co-payment, mga diskuwento sa sliding fee, at/o iba pang kaugnay na mga singil ay dapat bayaran sa oras ng serbisyo.
- Ipinahihintulot ko na direktang bayaran ng aking insurance ang KCHC at ia-update ang staff ng KCHC ukol sa mga pagbabago sa aking insurance. Nauunawaan ko na ako ay may pinansyal na pananagutan sa KCHC para sa mga singil na hindi babayaran ng insurance, at ang pagbabayad sa mga singil na iyon ay dapat bayaran sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ko sa bill. Nauunawaan
- Nauunawaan ko na maliban sa bill na mula sa aking provider, maaari din akong makatanggap ng ibang mga bill na mula sa laboratoryo, radiology, at iba pang mga espesyal na serbisyo.

PROGRAMA NG DISKUWENTO SA BAYAD NA UMAAYON SA KAKAYAHAN

- Nauunawaan ko na nag-aalok ang KCHC ng sliding fee discount na programa para sa mga kwalipikadong indibidwal.
- Naipaliwanag sa akin ang mga kategorya ng diskuwento at nabigyan ako ng pagkakataong mag-apply para sa programang ito.

ABISO UKOL SA MGA KASANAYAN SA PRIVACY

- Kinikilala ko na ako ay inalok, at nasuri ko ang Abiso sa Mga Kasanayan sa Privacy ng KCHC, at na maaari akong humiling ng kopya ng abisong ito kailanman.

---

Lagda

---

Petsa

*Abiso ukol sa Mga Kasanayan sa Privacy*

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING MAGAMIT AT MAISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYONG TUNGKOL SA IYO, AT KUNG PAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. PAKIBASA ITO NANG MABUTI.

**Nalalapat ang abisong ito sa mga serbisyong ibinibigay at sa mga nauugnay na talaan. Sineseryoso ng Kodiak Community Health Center (KCHC) ang pagkapribado ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan at sumusunod sa mga alituntunin ng estado at pederal sa pagsisiwalat. Hindi namin ilalabas ang iyong impormasyon sa iba maliban kung pinahintulutan mo kaming gawin ito; maliban kung pinahintulutan o hinihiling ng batas na gawin natin ito.**

Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong mga medikal na rekord para lamang sa bawat isa sa mga sumusunod na layunin: paggamot, pagbabayad, mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, mga elektronikong sistema ng impormasyon sa kalusugan, mga serbisyo ng interpretasyon, at mga espesyal na sitwasyong pinahihintulutan o kinakailangan ng batas.

Ang **Paggamot** ay ang pagbibigay, pagpapaabot, o pamamahala sa pangkalusugang pamamahala at mga kaugnay na serbisyo ng isa o higit pang mga provider ng pangkalusugang pangangalaga. Kabilang dito ngunit hindi limitado sa koordinasyon ng pangangalaga para sa mga referral at sa pagitan ng iba pang mga provider para sa koordinasyon ng pangangalaga.

Ang **Pagbabayad** ay ang mga katulad na aktibidad gaya ng pagkuha ng pagsasauli ng na-gugol para sa mga serbisyo, pagkompirma sa saklaw, mga aktibidad sa pagsingil at koleksyon, at pagsusuri sa paggamit. Ang halimbawa nito ay ang pagpapadala sa iyo ng bill dahil sa iyong pagbisita sa iyong kompanya sa insurance para sa pagbabayad.

Kabilang sa **Mga Gawain sa Pangkalusugang Pangangalaga** ay ang mga aspeto sa pagnenegosyo sa pagpapatakbo ng aming trabaho, gaya ng pagsasagawa ng pagtatasa para sa kalidad at mga aktibidad sa pagpapahusay, pag-audit, pag-analisa sa pamamahala ng gastusin, at serbisyo sa customer. Ang isang halimbawa ay isang panloob na pagsusuri sa pagtatasa ng kalidad at mga survey sa kasiyahan ng pasyente.

**Mga kasunduan sa Electronic Health Information Exchange at Business Associate** Ang KCHC ay bahagi ng isang organisadong kaayusan sa pangangalagang pangkalusugan kabilang ang mga kalahok sa OCHIN<sup>1</sup>. Bilang isang kasosyo sa negosyo ng KCHC, ang OCHIN ay nagbibigay ng teknolohiya ng impormasyon at mga kaugnay na serbisyo. Sumasali rin ang OCHIN sa pagtatasa ng kalidad at mga aktibidad sa pagpapahusay sa ngalan ng mga kalahok nito. Gumagamit ang KCHC ng mga elektronikong sistema ng impormasyon sa kalusugan sa pamamagitan ng elektronikong rekord ng kalusugan na kinabibilangan ng iyong protektadong impormasyon sa kalusugan. Ang elektronikong pagpapalitan ng impormasyong pangkalusugan na ito ay isang pakikipagtulungan sa iba pang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at mga planong pangkalusugan upang matiyak ang mabilis na koordinasyon ng pangangalaga sa KCHC para sa kanilang paggamot, pagbabayad at mga layunin ng pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan. Ang pakikilahok sa isang elektronikong pagpapalitan ng impormasyon sa kalusugan ay nagbibigay-daan din sa amin na makita ang impormasyon ng ibang user tungkol sa iyo para sa iyong pangangalagang pangkalusugan sa KCHC para sa paggamot, kalidad, at mga layunin ng pagbabayad. Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan at isiwalat ito sa mga indibidwal o organisasyon na tumutulong sa KCHC sa paggamot, mga operasyon/bayad sa pangangalagang pangkalusugan, o sa pagsunod sa mga legal na obligasyon. Ang mga kasosyo sa negosyo ay dapat sumang-ayon na protektahan ang pagiging kompidensiyal ng protektahan ang impormasyong pangkalusugan. Maaaring kasama sa iyong personal na impormasyon sa kalusugan ang impormasyon noong nakaraan, sa kasalukuyan at sa hinaharap, gayundin ang impormasyong nakabalangkas sa Mga Patakaran sa Privacy. Ang lawak ng impormasyong isisiwalat, ay isisiwalat alinsunod sa Mga Patakaran sa Privacy o anumang iba pang naaangkop na batas ayon sa mga pagbabago sa mga ito sa pana-panahon. May karapatang kang magbago ng isip at bawiin ang pahintulot na ito, subalit, maaaring naibigay na ang impormasyon ayon sa pagpayag mo. Mananatiling may-bisa ang pahintulot na ito hanggang sa ito ay bawiin mo nang nakasulat. Kung hihilingin, bibigyan ka ng listahan ng mga entity kung saan na-isiwalat ang iyong impormasyon.

**Mga Espesyal na Sitwasyon** Maaaring mangyari ang iba pang mga sitwasyon kung saan ang PHI ay maaaring ibunyag ayon sa batas. Maaaring kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, legal na subpoena, mga paghahabol

sa kabayaran ng mga manggagawa, mga kahilingan sa pagpapatupad ng batas, mga ulat ng mga coroner, mga aktibidad sa pangangasiwa sa kalusugan, o mga sitwasyong upang maiwasan ang isang seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng publiko. Maaaring kabilang sa iba pang mga halimbawa ng mga espesyal na pangyayari ang mga serbisyo sa pagsasalang-wika, pangangalaga pagkatapos ng oras na ibinigay ng

kasosyo sa negosyo, at mga serbisyo sa pagpapaalala sa appointment. Maaari naming gamitin ang iyong PHI para makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa iyong pangangalaga o mga paparating na appointment.

**Paggamot sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap** Kung nakatanggap ka ng mga serbisyo sa paggamot sa alkohol at/o gamot, ang iyong mga medikal na rekord na nagpapakilala sa iyo na tumatanggap ng mga serbisyong iyon ay protektado hindi lamang ng HIPAA, kundi pati na rin ng 42 CFR Part 2 na batas sa pagiging kompidensiyal. Ang batas na ito ay nagbibigay ng mga karagdagang pangangalagang upang maprotektahan ang privacy ng mga talaang ito.

**Nangangailangan ng iyong pahintulot ang iba pang mga paggamit at pagsisiwalat.** Ang pagsisiwalat ng iyong impormasyon sa kalusugan o paggamit nito para sa

anumang layunin maliban sa pinapayagan ng batas<sup>2</sup> ay nangangailangan ng iyong partikular na nakasulat na awtorisasyon. Kung magbago ang iyong isip pagkatapos ipahintulot ang paggamit at pagsisiwalat ng iyong impormasyon, maaari kang magsumite ng nakasulat na pagbawi sa pahintulot. Subalit, hindi makakaapekto ang iyong pasyang bawiin ang pahintulot o hindi nito mababawi ang anumang paggamit o pagsisiwalat ng impormasyon na naganap bago mo ipinaabot sa amin ang iyong pasyang bawiin ang iyong pahintulot.

**Mga Indibidwal na Karapatan**

Mayroon kang ilang partikular na karapatan alinsunod sa mga pamantayan ng federal privacy. Kasama dito ang:

- Karapatang humiling ng mga paghigpit sa paggamit at pagsisiwalat sa iyong protektadong impormasyon sa kalusugan.
- Karapatan sa makatuwirang mga kahilingan upang makatanggap ng mga kompidensiyal na komunikasyong ukol sa protektadong impormasyon sa kalusugan na mula sa amin sa pamamagitan ng ibang paraan o ibang mga lokasyon.
- Karapatang inspeksyunin at kopyahin ang iyong protektadong impormasyon sa kalusugan.
- Karapatang baguhin o magsumite ng mga pagtatama sa iyong protektadong impormasyon sa kalusugan.
- Karapatang tumanggap ng accounting tungkol sa kung paano at kung kanino isiniwalat ang iyong protektadong impormasyon sa kalusugan.
- Karapatang tumanggap ng naka-print na kopya ng abisong ito.
- *Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang privacy ng iyong protektadong impormasyon sa kalusugan at na bigyan ka ng abisong ito na ukol sa mga kasanayan sa privacy.*
- *Inaatasan din kaming sumunod sa mga patakaran at kasanayan sa privacy na nakabalangkas sa abisong ito.*

**Karapatan sa Pagrebisa ng Mga Kasanayan sa Privacy**

Gaya ng ipinahihintulot ng batas, nireserba namin ang karapatang ibahin o baguhin ang aming mga patakaran at kasanayan sa privacy. Ang mga pagbabagong ito sa aming mga patakaran at kasanayan ay maaaring kinakailangan dahil sa mga pagbabago sa mga pederal at pang-estadong batas at regulasyon. Kung hihilingin, bibigyan ka namin ng pinakamakailang nirebisang abiso, sa anumang pagbisita sa tanggapan. Ang nirebisang mga patakaran at kasanayan ay ilalapat sa lahat ng protektadong impormasyon sa kalusugang pinananatili namin.

**Mga Reklamo** Kung gusto mong magsumite ng komento o reklamo tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy, magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham na nagbabalangkas sa iyong mga alalahanin sa: [compliance@kodiakchc.org](mailto:compliance@kodiakchc.org) o Kodiak Community Health Center Compliance Officer

1911 E. Rezanof Dr., Kodiak, AK 99615

**Kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy, kailangan mong ipagbigay-alam sa amin ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat na naglalarawan sa dahilan ng iyong alalahanin sa address sa itaas.** Hindi ka mapaparusahan o gagantihan dahil sa paghahain ng reklamo.

**Petsa ng Bisa ng Abisong ito**

Ang Abisong ito ay may bisa sa o pagkatapos ng ika-10 ng Hunyo, ika-20

<sup>1</sup> Ang kasalukuyang listahan ng mga kalahok sa OCHIN ay makukuha sa [www.ochin.org](http://www.ochin.org)

<sup>2</sup> Privacy ng Impormasyon sa Pangkalusugan <https://www.hhs.gov/hipaa/index.html>